



# Inaalisang Tatak ng Apocalipsis ang Propesiya ni Daniel

## Leksyon 15

“At sinabi niya sa akin, Hanggang sa dalawang libo at tatlong daan na hapon at umaga; kung magkagayo'y malilinis ang santuario.” Daniel 8: 14

### 1. Sa anong panahon ang itinuturo ng 2300 -araw na propesiya?

*Daniel 8:17* \_\_\_\_\_

“At kaniyang sinabi, Narito, aking ipaaaninaw sa iyo kung ano ang mangyayari sa huling panahon ng pagkagalit; sapagka't ukol sa takdang panahon ng kawakasan.” Daniel 8: 19

### 2. Gaano katagal isasara ang aklat ni Daniel?

*Daniel 12:9* \_\_\_\_\_

### 3. Isinasalarawan ng Apocalipsis ang isang makapangyarihang anghel na may hawak na ano sa kanyang kamay?

*Apocalipsis 10:1, 2* \_\_\_\_\_

Apocalipsis 10 ay gumawa ng hindi magkakamaling pagtukoy sa aklat ni Daniel.

**Daniel 12: 5-7.** “Nang magkagayo'y akong si Daniel ay tumingin, at, narito, nakatayo ang ibang dalawa, ang isa'y sa dakong ito ng pangpang ng ilog, at ang isa'y sa kabilang pangpang ng ilog sa dakong yaon. At ang isa'y nagsalita sa lalaking nabibihisan ng kayong lino, na nasa ibabaw ng tubig ng ilog, Hanggang kailan mangyayari ang wakas ng mga kababalaghang ito? At aking napakinggan ang lalaking nakapanamit ng kayong lino, na nasa ibabaw ng tubig ng ilog, nang kaniyang itaas ang kaniyang kanan at kaniyang kaliwang kamay sa langit, at sumumpa sa pamamagitan ng nabubuhay magpakailan man na magiging sa isang panahon, mga panahon, at kalahati ng isang panahon; at pagka kanilang natapos na mapagputol-putol ang kapangyarihan ng banal na bayan, ang lahat na bagay na ito ay matatapos.”

**Apocalipsis 10: 5-7.** “At ang anghel na aking nakita na nakatayo sa ibabaw ng dagat at sa ibabaw ng lupa ay itinaas ang kaniyang kanang kamay sa langit, At ipinanumpa yaong nabubuhay magpakailan kailan man, na lumalang ng langit at ng mga bagay na naroroon, at ng lupa at ng mga bagay na naririto, at ng dagat at ng mga bagay na naririto, na hindi na magluluwat ang panahon: Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, pagka malapit nang siya'y humihip, kung magkagayo'y ganap na ang hiwaga ng Dios, ayon sa mabubuting balita na kaniyang isinaysay sa kaniyang mga alipin na mga propeta.”

### 4. Ang hiwaga ay matatapos na malapit ayon sa pagkasaysay ng Diyos kanino?

*Apocalipsis 10:7* \_\_\_\_\_

### 5. Nasaan ang mga paa ng anghel?

*Apocalipsis 10:2* \_\_\_\_\_

“At tinawag ng Dios ang katuyuan na Lupa, at ang kapisanan ng tubig ay tinawag niyang mga Dagat: at nakita ng Dios na mabuti.” Genesis 1: 10

## 6. Sa propesiya sa Biblia, saan kumakatawan ang tubig?

*Apocalipsis 17:15* \_\_\_\_\_

“Sa ibabaw ng dagat at sa ibabaw ng lupa.” Apocalipsis 10: 5. Ang aklat ni Daniel ay mabubuksan sa isang lugar na kinatatayuan ng maraming mga bansa, at pati sa madalang na pinaninirahang lugar.

Noong 1800 ang aklat ni Daniel ay nakasara. Noong 1812 ang pag-aaral ng propesiya ay nagsimula sa England. At mabilis na kumalat sa buong Europe, Asia, at Africa. Hindi nagtagal humigit kumulang sa isang daang mga manunulat mula sa iba't-ibang mga denominasyon ang nagpapaliwanag ng propesiya sa Biblia. Pinaluagan ng propetikong orasan, napakaraming mga tao, na kumakatawan sa ilang mga bansa at apat na mga kontinente, ang may kalayaan at magkasabay na nagpasimulang humula sa katuparan ng 2300 mga araw na propesiya.

Sa United States, ang pinaka-kilalang tagapag-lantad ng Daniel 8: 14 ay isang Baptist, si William Miller. Siya at ang 43 mga ministro ng 13 mga denominasyon ang nagkalag maari ng pinaka-malaking propetikong pagising sa kasaysayan ng America. Sa matinding pag-aaral ng 2300-araw na propesiya, napag-alaman nila na ang 2300 mga araw ay magtatapos noong October 22, 1844.

## 7. Nang ang aklat ni Daniel ay nasa kanilang mga labi pa, ano ang katulad nito?

*Apocalipsis 10:8-10* \_\_\_\_\_

“Ang iyong mga salita ay nangasumpungan, at aking kinain; at ang iyong mga salita sa ganang akin ay katuwaan at kagalakan sa aking puso.” Jeremias 15: 16

“Pagkatamis ng iyong mga salita sa aking lasa! Oo, matamis kay sa pulot sa aking bibig!” Jeremias 15: 16

## 8. Subalit pagkatapos na ito ay lunukin, ano ang mangyayari?

*Apocalipsis 10:9-10* \_\_\_\_\_

Pangkaraniwan nang paniniwala noon na ang daigdig ay ang santuario na lilinisin, at si Jesus ay darating sa katapusan ng 2300 araw. Wala ng iba pang pabalita ang tatamis . Marami ang masayang iniwan ang kanilang mga hanap- buhay at gumastos ng kanilang mga ipon upang ipalaganap ng kahanga-hangang balita. Subalit nang ang araw ay lumipas at si Jesus ay hindi dumating, naranasan nila ang pinaka- mapait na pagkabigo sa kanilang mga buhay.

## 9. Sila na mga nakaranas ng mapait na pagkabigo ay sinabihang ano ang dapat muli nilang gawin?

*Apocalipsis 10:11* \_\_\_\_\_

## 10. Ano ang susukatin?

*Apocalipsis 11:1* \_\_\_\_\_

## 11. Saan ang templo ng Diyos nabuksan?

*Apocalipsis 11:19* \_\_\_\_\_

## 12. Ano ang tawag ng apostol sa templo ng Diyos sa langit?

*Hebreo 8:2* \_\_\_\_\_

## 13. Ang makalupang tabernakulo, sadyang tunay sa kanyang anyo, ay nagsilbing halimbawa at anino nang ano?

*Hebreo 8:5* \_\_\_\_\_

## 14. Paano ang makalangit na tabernakulo ibinilang, kumpara sa makalupa?

*Hebreo 9:11* \_\_\_\_\_

**15. Sino ang Dakilang Saserdote ng makalangit na santuario?**

*Hebreo 9:11* \_\_\_\_\_

“Kaya, mga banal na kapatid, mga may bahagi sa pagtawag ng kalangitan, inyong isipin ang Apostol at Dakilang Saserdote na ating kinikilala, si Jesus.” Hebreo 3: 1

**16. Ano ang dalawang mga silid sa makalupang tabernakulo na hinati ng kurtina?**

*Exodo 26:33* \_\_\_\_\_

**17. Ano ang iba pang pangalan para sa kabanal-banalang dako?**

*Hebreo 9:3* \_\_\_\_\_

**18. Gaano kadalas ang makalupang punong saserdote pumapasok sa silid na iyon?**

*Hebreo 9:7* \_\_\_\_\_

**19. Ano ang layunin ng dugo na dinalang kasama Niya?**

*Hebreo 9:7* \_\_\_\_\_

“Ang makalupang Araw ng Pagtubos na nagaganap “isang beses bawat taon” ay isinasalarawan sa Levitico 16. Ito’y sumisimbulo sa gawain na sinimulan ni Jesus sa kabanal-banalang dako ng makalangit na santuario noong 1844.

**20. Ano ang gagawin ng lahat ng mga tao sa araw na iyon?**

*Levitico 16:29* \_\_\_\_\_

Sa mga Judio ang Araw ng Pagtubos ay isang tahimik na araw ng paghuhukom. Isinasalarawan ng Jewish encyclopedia ito sa mga sumusunod: “Ang Diyos, nakaupo sa Kanyang luklukan upang hukuman ang sanlibutan...binuksan ang Aklat ng mga Talaan; ito ay binasa, bawat lagda ng bawat tao ay matatagpuan doon. Ang malakas na trumpeta ay tumunog; ang marahang bulong na tinig ay narinig; ang mga anghel ay nayanig, na nagsasabing, ito ang araw ng pagtubos....Sa Araw ng Pagtubos natatakan na kung sino ang mabubuhay at kung sino ang mamatay.”

**21. Ano ang gagawin ng pagtubos na ito para sa mga tao?**

*Levitico 16:30* \_\_\_\_\_

**22. Ano ang gagawin nito para sa banal na santuario at para sa tabernakulo?**

*Levitico 16:33* \_\_\_\_\_

**23. Bakit kailangan ng santuario ng pagtubos?**

*Levitico 16:16* \_\_\_\_\_

**24. Kinakailangan din na ang mga anyo at makalangit na mga bagay ay maging ano?**

*Hebreo 9:23* \_\_\_\_\_

**25. Sa isang salita, ano ang dapat matapos gawin sa santuario sa katapusan ng “2300 mga araw”?**

*Daniel 8:14* \_\_\_\_\_

## **Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....**

**O** Nauunawaan kong ang mga paglilingkod sa Lumang Tipan ay naglalarawan sa gawain ni Kristo sa panukala ng kaligtasan.

**O** Nauunawaan kong, kung paanong ang Lumang Tipang' Paskua ay naglalarawan sa sa sakripisyo ni Jesus sa krus, ang lumang “Araw ng Pagtubos” naman ay naglalarawan sa dakilang pagtubos ng ating Dakilang Saserdote na ginagawa Niya para sa atin ngayon sa makalangit na santuario.

**Karagdagang mga puna:** \_\_\_\_\_

**Pangalan:** \_\_\_\_\_

**Susunod na Leksyon:** *Ang Paglilinis sa Santuario*